

**Para sa mga magulang/tagapag-alaga****Impormasyon Tungkol sa Suportang Pinansiyal ( School Assistance ) sa Paaralan ( School Year 2023 )**

令和 5 年度 就学援助制度のお知らせ

Ang Toyohashi city ay nagbibigay ng suportang pinansiyal sa mga nakatugon sa pamantayan ng sertipikasyon para sa bahagi ng bayarin sa pagkain at gamit sa paaralan ng estudyanteng nag-aaral sa pampublikong elementary at junior high school. Sa mga nais mag- apply para dito, mangyaring mag-apply po lamang nang naaayon sa nakasulat sa ibaba.

Bilang karagdagan, para sa mga kasalukuyang tumatanggap ng regular na suporta (para sa school year 2022) at gastos sa pag-enroll (para sa school year 2022), mangyaring tandaan na ang mga nais na patuloy makatanggap ng suporta (school assistance) ay kinakailangang mag-apply taon-taon.

**1. Araw, oras at lugar ng pag-apply.**

(1) Petsa at Oras : March 2 (Thursday) – March 8 (Wednesday) 2023 8:30 AM - 5:00 PM

※March 4 (Saturday) / March 5 (Sunday) 2023 9:00 AM - 12:00 PM

(2) L u g a r : Toyohashi City Hall, Auditorium ( East bldg. 13th Floor )

**2. Mga kailangan sa pag-a-apply**

(1) Bankbook ng magulang ※Hindi na kailangan ang bankbook kung nais ideretso ang pinansiyal na suporta sa account ng principal ng paaralan.

※Hindi na kailangan ang inkan.

Karaniwan, (1) lamang sa itaas ang kailangan, ngunit sa ilang mga kaso, kailangan ng karagdagang dokumentong susuporta sa paglilinaw ng sitwasyon. (Tingnan ang likuran.)

**3. Mga Nilalaman ng Suporta**

( Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang mga nilalaman ng tulong para sa taong 2022 at maaaring magbago.)

Sakop ng Suporta	Baitang	Paraan ng Pagbigay	Panahon ng Pagbigay
School supplies fee atbp.	Lahat ng baitang	Parehong halaga sa lahat (Kapag nag apply nito sa kalagitnaan ng taon ) ito ay matatanggap sa buwang batayan.	Katapusan ng July, October, January, February
Gastusin para sa pag-enroll (Junior High School)	Grade 6	Ibibigay ang takdang halaga para sa mga tumatanggap ng school assistance hanggang January 31, 2024 at mag-e-enroll sa Junior High School sa Toyohashi Municipal.	Katapusan ng February
School supplies fee (Sa bagong enroll)	Elementary Grade 1 /Junior High 1st yr.(※1)	Makakatanggap kapag naaprubahan ng April.	Katapusan ng May
Gastos sa graduation school trip	Elementary Grade 6 / Junior High 3rd yr.	Ang halagang katumbas ng aktwal na gastos na nauugnay sa mga karaniwang event ay babayaran sa sertipikadong tao sa oras ng pagpapatupad (1st day ng sch. trip)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Trip mula April hangang July: Ibibigay sa katapusan ng August;</li> <li>• Trip mula August hangang October: Ibibigay sa katapusan ng November;</li> <li>• Trip mula November hanggang March: Ibibigay kapag natapos ang trip.</li> </ul>
Medical expenses (※2)	Lahat ng baitang (※3)	Bibigyan ng medical coupon kapag nag-apply	Katapusan ng September, January, March, April
School Lunch	Lahat ng baitang	Bibigyan ng School lunch (Babayaran ng munisipyo)	—
Bayad sa “School Life Management Guidance Form”(※4)	Lahat ng baitang	Ibabalik ang aktwal na gastos hanggang sa limitasyon ayon sa pag- apply	Katapusan ng July, October, January, April

※1 : Ang mga tumanggap ng tulong para sa pag-enroll sa Sch. yr. 2022 (Elementary • Junior High School) ay hindi na muling makakatanggap ng school supplies fee.

※2 : Magagamit sa pagpapagamot ng sirang ngipin(cavity), conjunctivitis, otitis media, chronic sinusitis at iba pa.

※3 : Ang medical subsidy program ay inuunang gamitin para sa mga elementarya at sa mga junior high school.

※4 : Ibabalik ang halaga na binayad sa pagpapasulat ng “School Life Management Guidance Form”.

**\* \* \* Pag-apply Pagkatapos ng Application Period \* \* \***

(1) Petsa at Oras: 2023 March 9 (Thursday) onward [weekdays maliban sa holiday, 8:30AM ~ 5:15PM]

※Mangyaring tandaan na ang suportang halaga ay hahatiin nang pantay bawat buwan para sa mga aplikasyon simula May 1.

(2) Lugar: Board of Education, Toyohashi Schools Division Office (Toyohashi City Hall, East bldg. 11<sup>th</sup> floor)**\* \* \* Para sa mga Katanungan \* \* \***●Tungkol sa School assistance ⇒School Education Division (☎ 51-2825) / City Hall East bldg. 11<sup>th</sup> floor

●Tungkol sa school lunch, medical expenses at “School Life Guidance &amp; Management” form expenses

⇒Health and School Meal Division (☎ 51-2835) / City Hall 1 East bldg. 11<sup>th</sup> floor

## 4. Kondisyon para makatangap nito (Alinman sa nakalagay sa ibaba)

No.	Saklaw	Supporting Document												
1	Para sa mga natapos o nasuspende ang livelihood allowance (SEIKATSU HOGO) simula April 1, 2022.	Notification letter ng pagkansela/ pagwawakas ng allowance.												
	Kapag ang halaga ng kita ng magulang at iba pang miyembro ng pamilya na nagtatrabaho ay mas mababa sa halaga na itinakda sa ibaba.	<p><b>Hindi kailangan</b> Gayunpaman, ang income certificate ng lahat ng miyembro ng pamilya ay kinakailangan sa mga sumusunod na kaso:</p> <p><b>【Nag-apply mula March. 2 ~ June 1, 2023】</b> Hindi nakarehistro bilang residente ng Toyohashi city hanggang January 1, 2022. → <b>Income certificate ng taong 2022</b> “ <b>Reiwa 3 NENDO SHOTOKU SHŌMEISHO</b> ”</p> <p><b>【Nag-apply mula June 2, 2023】</b> Hindi nakarehistro bilang residente ng Toyohashi city hanggang January 1, 2023 → <b>Income certificate ng taong 2023</b> “ <b>Reiwa 4 NENDO SHOTOKU SHŌMEISHO</b> ”</p>												
2	<p>(1) Ang pamantayan sa pagtanggap ng tulong ay dapat na mas mababa o katumbas ng halaga na nakasulat sa ibaba ang kita ng magulang at iba pang miyembro ng pamilya ( kabuuang kita ng lahat na nakarehistro sa isang household) na nagtatrabaho. Isama ang halaga ng kita ng magulang na nakatira sa ibang lugar.</p> <p>(2) Ang desisyon ng approval ng April ~ June ng 2023 ( aplikasyon hanggang June 1 ) ay base sa 2021 income at sa approval ng July 2023 (aplikasyon hanggang June 2 ) ay base sa 2022 income.</p> <p>(3) Dahil ang sertipikasyon ay sinusuri kada buwan, bagaman aprubado, maaari itong kanselahin sa kalagitnaan ng taon depende sa sitwasyon ng kita (kita sa naaangkop na taon, atbp.).</p> <p><b>【Pamantayan ng Net Income na Itinakda upang Makatangap ng Suporta】</b> →Halaga pagkatapos ng deduction sa suweldo sa Withholding Tax Slip “Gensen Chōshūhyō, atbp.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Household member</th> <th>2 tao</th> <th>3 tao</th> <th>4 tao</th> <th>5 tao</th> <th>6 tao</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Net Income</td> <td>¥ 2,254,000</td> <td>¥ 2,773,000</td> <td>¥ 3,334,000</td> <td>¥ 3,741,000</td> <td>¥ 4,278,000</td> </tr> </tbody> </table> <p>※Kung higit sa 6 na tao ang miyembro ng pamilya ay dagdagan ng ¥ 470,000 kada tao</p>	Household member	2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao	Net Income	¥ 2,254,000	¥ 2,773,000	¥ 3,334,000	¥ 3,741,000	¥ 4,278,000	
Household member	2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao									
Net Income	¥ 2,254,000	¥ 2,773,000	¥ 3,334,000	¥ 3,741,000	¥ 4,278,000									

※Kung nasa ilalim ng livelihood allowance (SEIKATSU HOGO) ang pamamaraang ito ay hindi kinakailangan.

※Mangyaring kumonsulta nang hiwalay kapag nagkaroon ng problema sa pananalapi dahil sa ‘di maiiwasang sitwasyon tulad ng biglaang kawalan ng trabaho at iba pa (Kinakailangan ang mga dokumentong magpapatunay na nawalan ng hanapbuhay simula January 1, 2023)

【Halimbawa ng pagkalkula ng mga sambahayan na nakakatugon sa karaniwang halaga ng kita】

Para sa 3 miyembro ng pamilya (ang bilang ng miyembro ng pamilya ay ang bilang ng lahat ng miyembro kabilang ang mga bata at estudyante)

Miyembro ng Pamilya	Tatay	Nanay	Anak	Total Amount	Remarks Column/
Salary(Gross)Income Amount <i>Kyūyo shūnyūgaku</i> (kinita mula sa suweldo)	¥ 4,000,000	¥ 560,000	¥ 0	¥ 4,560,000	※Ipinapakita sa halimbawang ito ang kinita ng pamilya lamang at maging ang halaga ng kita ay pareho sa halimbawa, maaaring hindi maaprubahan depende sa sitwasyon ng pamilya.
Salary Income Deduction Amount <i>Kyūyo shotokukōjogaku</i> (halagang ibinabawas sa kinita mula sa suweldo )	¥ 1,240,000	¥ 550,000	¥ 0	¥ 1,790,000	
Net Income Amount <i>Shotoku-kingaku</i> (Salary Income Amount – All deduction = Net Income Amount)	¥ 2,760,000	¥ 10,000	¥ 0	¥ 2,770,000	

☆Para sa paraan ng pagkalkula ng kita, tingnan ang website ng National Tax Agency.

→<https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/taxanswer/shotoku/1410.htm>

Gupitin

※Para sa nais mag-apply ng School Assistance, matapos bilugan “○” ang kaukulang numero, mangyaring isulat ang mga kinakailangang impormasyon at isumite sa tanggapan sa mismong araw ng pag-a-apply.

## 1. Tumatanggap ako ng school assistance sa kasalukuyan

現在、就学援助を受給している。

- Bagong baitang \_\_\_\_\_ sa susunod na school year, School : \_\_\_\_\_ Elem./Jr. High School ,Name : \_\_\_\_\_
- Bagong baitang \_\_\_\_\_ sa susunod na school year, School : \_\_\_\_\_ Elem./Jr. High School Name : \_\_\_\_\_
- Bagong baitang \_\_\_\_\_ sa susunod na school year, School : \_\_\_\_\_ Elem./Jr. High School Name : \_\_\_\_\_

\* Mangyaring sulatan din kapag magiging Grade1 palang ang inyong anak na kasalukuyang hindi pa tumatanggap ng mga benepisyo .

## 2. Hindi ako tumatanggap ng school assistance sa kasalukuyan.

現在、就学援助は受給していません。

Ilang estudyante (Elementary at Jr. High school) ang i-a-apply? \_\_\_\_\_ estudyante